LUNGSOD NG BACOOR 2012 LALAWIGAN NG CAVITE

District I:

HON. AVELINO B. SOLIS
City Councilor

HON. EDWIN G. GAWARAN
City Councilor

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. ROWENA BAUTISTA - MENDIOLA
City Councilor

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. VENUS D. DE CASTRO
City Councilor

District II:

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. BAYANI M. DE LEON
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ROBERT R. JAVIER
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor - ABC Pres.

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE S. EVARISTO
City Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:

HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

Republic of the Philippines

**CITY OF BACOOR**

Province of Cavite

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**CITY RESOLUTION NO. CR 2015-123**
**Series of 2015**

# A RESOLUTION APPROVING THE RULES OF PROCEDURES OF THE BACOOR CITY TRANSPORTATION BOARD.

*Sponsored by: Hon. Miguel N. Bautista, Hon. Venus D. De Castro, Hon. Bayani M. De Leon, Hon. Leandro A. De Leon, Hon. Reynaldo M. Fabian, Hon. Edwin G. Gawaran , Hon. Victorio Guerrero, Jr., Hon. Hernando C. Gutierrez, Hon. Roberto R. Javier, Hon. Gaudencio P. Nolasco, Hon. Reynaldo Palabrica and Hon. Avelino B. Solis.*

**WHEREAS,** on June 22, 2015, the Office of the Sangguniang Panlungsod received a letter from the Bacoor City Transportation Board (BCTB). Stated in the said letter are four items submitted by the Bacoor City Transportation Board for the review and consideration of the City Council.

**WHEREAS,** one of the four items submitted is the proposed Rules of Procedures of the BCTB for consideration and approval of the Sangguniang Panlungsod pursuant to Section 30 (1) of the Revised Bacoor Traffic Code.

**NOW THEREFORE,** after a thorough deliberation on the matter, upon motion of Councilor Venus De Castro, duly seconded by the Councilor Bayani De Leon, **BE IT RESOLVED AS IT IS HEREBY RESOLVED** to pass a resolution approving the Rules of Procedure of the Bacoor City Transportation Board.

**UNANIMOUSLY ADOPTED** this 27th day of July 2015 at the City of Bacoor during the 99th regular session of the Sangguniang Panlungsod of the City of Bacoor.

*I hereby certify that the foregoing Resolution was duly passed in accordance with law and that its contents are true and correct.*

Certified by:

**HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO**
*City Vice Mayor/ Presiding Officer*

LUNGSOD NG BACOOR 2012 LALAWIGAN NG CAVITE

Republic of the Philippines

**CITY OF BACOOR**

Province of Cavite

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

District I:

HON. AVELINO B. SOLIS
City Councilor

HON. EDWIN G. GAWARAN
City Councilor

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

ABSENT

HON. ROWENA BAUTISTA - MENDIOLA
City Councilor

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. VENUS D. DE CASTRO
City Councilor

District II:

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. BAYANI M. DE LEON
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ROBERT R. JAVIER
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO JR.
City Councilor - ABC Pres.

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE S. EVARISTO
City Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:

HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

Attested by:

**ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.**
*Sangguniang Panlungsod Secretary*

Approved by:

**HON. STRIKE B. REVILLA, PhD**
*City Mayor*

## Proposed 2015 Bacoor City Transportation Board Rules

### Paunang Talata

Ang mga sumusunod na patakaran (o "Rules") ay siyang susundin ng Bacoor City Transportation Board (ang "Board") sa lahat ng mga pagpupulong at pagdinig nito. Ang mga Rules na ito ay inaprubahan ng Sangguniang Panlungsod noong HUlyo 27, 2015 at nagkabisa noong 8/11/2015.

### RULES OF PROCEDURE OF THE BOARD

**RULE 1: Quorum**

Apat na miyembro ng Bacoor City Transportation Board (the "Board") ng Lungsod ng Bacoor ang kailangan upang ito ay magka-quorum. Kung walang quorum, maaring utusan ng Chairman o Acting Chairman ng Board ang Bacoor PNP upang dakpin ang sinumang kasapi ng Board upang masiguro na ito ay magkakaroon ng quorum. Kung sakaling may malubhang karamdaman o kaya ay may mahalagang gagawin ang sinmang kasapi ng Board, siya ay pahihintulutang hindi dumalo sa mga pagpupulong subali't dapat niyang ipabatid sa Board sa pamamagitan ng isang liham o text message ang dahilan ng kanyang hindi pagdalo. Ang pauna ng sa binabanggit ay dapat na maipadala sa Secretary, Chairman, o Acting Chairman ng Board sa loob ng tatlong araw bago ang isang pagpupulong o pagdinig.

Hindi maaaring gumawa ng anumang desisyon o kaya ay magpasimula ng anumang pagpupulong (meeting) o pagdinig ( hearing) ang Board kung ito ay walang quorum.

**RULE 2: Schedule of Meetings/Hearings**

Ang Board ay magpupulong tuwing ikalawa o ika apat na Martes ng bawat buwan sa ganap ng alas dos ng hapon sa tanggapan nito o kaya sa isa sa mga hearing room ng Sangguniang Panlungsod. Ang mga pagdinig ng Board ay maaari ding isabay sa schedule ng mga pagpupulong ng Board.

Maaring magpatawag ng isang special meeting ang Chairman o Acting Chairman ng Board tuwing kinakailangan.

**RULE 3: Composition and Powers**

1. **Composition.** Batay sa Section 28 at 29 ng Bacoor Traffic Code, ang Board ay binubuo ng mga sumusunod.

Chairman
Vice-Chairman
NGO Representative
FETODA President
FEPODA President
SP Member (Committee on Franchising)
SP Member (Committee on Traffic Management)

2. **Presiding Officer.** Ang Chairman ng Board ang Presiding Officer sa tuwing ang Board ay magkakaroon ng meeting o hearing. Sakaling ang Chairman ay (1) absent, (2) may karamdaman, o (3) hindi pa naia-appoint ng City Mayor ng Lungsod ng Bacoor, ang Chairperson ng Committee on Franchising and Public Utilities ng Sangguniang Panlungsod ang magiging Acting Chairman ng Board.

3. **Mga Kapangyarihan ng Chairman.** Ang mga kapangyarihan ng Chairman ng Board, batay sa mga probisyon ng Bacoor City Traffic Code, ay ang mga sumusunod:

a) pamunuan ang bawat pagpupulong at pagdinig ng Board;

b) magpatawag ng pagpupulong at pagdinig ng Board tuwing kinakailangan;
c) ipadakip ang sinumang kasapi ng Board upang masiguro na ito ay magkakaroon ng quorum;
d) ipadakip ang sinumang tao na gumagambala o nagpapagulo sa isang pagdinig o pagpupulong ng Board;
e) bigyan ng kapangyarihan ang Vice-Chairman na siyang mamuno sa anumang pagpupulong at pagdinig ng Board;
f) magrekomenda sa City Mayor na mag-appoint ng sinumang empleyado na pansamantalang ia-asign sa Board; at
g) gampanan ang anumang tungkulin na naaayon sa batas, sa Bacoor Traffic Code at sa mga ordinansang nag-aamend dito, at sa iba pang ordinansa na maaaring ipasa ng Sangguniang Panlungsod ng Lungso ng Bacoor, Cavite.

Tataglayin ng Acting Chairman ng Board ang lahat ng mga nabanggit na kapangyarihan ng Chairman.

4. **Vice Chairman.** Ang Vice Chairman ang magsisilbing legal adviser ng Board.

5. **Mga Kapangyarihan ng Vice Chairman.** Ang mga kapangyarihan ng Vice Chairman ng Board, batay sa mga probisyon ng Bacoor City Traffic Code ay ang mga sumusunod:

a) ipaliwanag sa Board ang kahulugan ng anumang ordinansa, batas, o isyung legal na may kaugnayan sa trabaho ng Board;
b) magsilbing Co-Presiding Officer sa mga pagdining o pagpupulong ng Board kung ito ay pinahintulutan ng Chairman o ng Acting Chairman.
c) Mag-utos sa Secretariat na gumawa ng anumang liham, ulat, o opinion hingigl sa anumang usapin na dinidinig ng Board;
d) I-review ang anumang liham, ulat, o opinion na ginawa ng Secretariat at gawin ang anumang pagwawasto sa mga ito bago ito ilabas o pirmahan ng mga kasapi ng Board;
e) Magmungkahi ng anumang pagbabago sa Rules na ito kung kinakailangan; at
f) Gampanan ang anumang tungkulin na naaayon sa batas, sa Bacoor City Traffic Code at sa mga ordinansang nag-aamend dito, at sa iba pang ordinansa na maaaring ipasa ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite.

6. **Secretariat.** Ang tanggapan ng Secretary ng Sangguniang Panlungsod ang magsisilbing Secretariat ng Board, tungkulin ng secretariat gawin ang mga correspondence at minutes nito, at ipahayag ang mga magiging desisyon nito.

**RULE 4: Voting Rules.**

Bawat kasapi ng Board ay mayroong isang boto. Kung sakaling ma-appoint na ang Chairman ng Board, makakaboto lamang siya kung may tie sa botohan. Kung wala pang appointed na Chairman at anim lamang ang myembro ng Board na dumalo sa isang pagdinig o pagpupulong, ang Acting Chairman ay hindi maaring bumoto upang masiguro na hindi magkakaroon ng tie.

Ang pagboto ng mga miyembro ng Board ay gagawin sa pamamagitan ng pagtataas ng kanang kamay pabor o laban sa isang panukala. Walang sinuman ang papayag ng maimpuwensiyahan o kaya ay pilitin ang isang myembro ng Board na bumoto ng labag sa kanyang kalooban o paniniwala.

**RULE 5: Rules on Hearing.**

1. Ang lahat ng dadalo sa anumang pagdinig ng Board ay dapat na galangin ang pagkatao at ang desisyon ng Board at nang mga kasapi nito.

2. Bawal ang gumawa ng anumang ingay habang ang Board ay may pagdining. Ang anumang bagay na gagawa ng ingay habang may pagdining (gaya ng cellphone at iba pang kagamitan) ay maaaring kumpiskahin ng Board at isasauli lamang pagkatapos ng pagdining.

3. Hindi maaaring magsalita ang sinuman nang walang pahintulot ng Presiding Officer.

4. Ang nabanggit na halaga at pondo ay maaari din gamitin ng Board upang pagkunan ng honorarium ng mga kasapi ng Board sa tuwing sila ay dadalo sa isang pagdinig ng Board na hindi hihigit sa Php 500 bawat pagdinig. Ang mga miyembro lamang ng Board na dumalo sa pagdinig o pagpupulong ang maaaring makatanggap ng nabanggit na honorarium.

5. Kung walang pondo ang Board o kaya ay kulang ang pondo ng Baord babawasan ang nabanggit na honorarium o kaya ay hindi na muna ibibigay hanggang magkaroon na ng sapat na pondo ang Board.

**RULE 7: Reports.**

Ang Board ay magsusumite ng Report sa Sangguniang Panlungsod at sa tanggapan ng Punong Lungsod tuwing ika-20 araw ng bawat buwan matapos maaprubahan ang Rules na ito.

**RULE 8: Powers and Functions of the Board.**

Ang mga kapangyarihan at tungkulin ng Board ay ang mga sumusunod na halaw sa Section 30 ng Traffic Code:

*"1. Make its internal rules of procedure subject to the approval of the Sangguniang Panlungsod of the City of Bacoor, Cavite;*

*2. Endorse applications for accreditation of transport organizations to the Sangguniang Panlungsod for approval;*

*3. Set qualifications, fees and/or conditions, for the grant of a new/renewed application for franchise to operate any PUV within the territorial jurisdiction of the City of Bacoor;*

*4. Revoke the franchise it issued to any PUV exclusively operating within the City of Bacoor for violation of the provisions of this Ordinance or any related ordinance passed by the Sangguniang Panlungsod or by the national legislature, or any of the rules and/or guidelines to be passed by the BCTB;*

*5. Appoint, train, supervise, discipline and/or terminate the services of any of its personnel, subject to the approval of the City Mayor;*

*6. Determine and/or adjust the standard transport fare to be imposed by the operators of PUVs operating exclusively within the City of Bacoor on the riding public, subject to the approval of the Sangguniang Panlungsod;*

*7. Determine the location, construction and operation of transport terminals for all PUVs operating within the City of Bacoor, the terminal fees to be imposed by the TODA on their respective members, the manner of operation of the said terminals, and the guidelines for the passengers using the said terminals, upon the recommendation of the BTMD;*

*8. Order the closure of any terminal violating this Ordinance or any of rules and/or guidelines of the BCTFB;*

*9. Determine the routes to be used by PUVs operating within the City of Bacoor, upon the recommendation of the Transportation Planning Unit of the BTMD and subject to the written approval of the City Mayor;*

*10. Fix the honoraria of its members, subject to the written approval of the City Mayor;*

*11. Submit recommendations to the City Mayor and the Sangguniang Panlungsod on the feasibility of entering into formal agreements with the LTO, LTFRB, DOTC or with any private entity for the purpose of improving road use practices and traffic management in the City of Bacoor;*

*12. Take cognizance and act on complaints by individuals or transport organizations concerning or relating to franchise, terminals, fares and routes; and*

*13. Exercise any other power that may be granted to it by means of an ordinance."*

4. Lahat ng haharap sa Board ay ire-require na manumpa ng Secretariat na pawang katotohanan lamang ang kanilang sasambitin pati na rin ang nilalaman ng anumang dokumento na kanilang isusumite sa Board.

5. Ang sinumang bigyan ng karapatan magpahayag ng kanilang saloobin o paniniwala ay hindi maaaring gumamit ng mga bastos o bulgar na pananalita o kaya ay magpakita ng hindi maayos na pagkilos. Ang sinumang lumabag sa patakarang ito ay maaaring parusahan ng Board sa pamamagitan ng pag dismiss sa bagay na kaniyang idinulog sa Board o kaya ay sa pamamagitan ng pagsasampa ng nararapat na kasolaban sa kanya sa angkop na tanggapan ng pamahalaan o kaya ay sa mga angkop na hukuman sa Lungsod ng Bacoor.

6. Ang sinumang lalabag sa naunang talata ay bibigyan ng unang babala ng Presiding Officer bago patawan ng kaparusahang nabanggit. Ang Ikalawang paglabag sa nasabing patakaran ang magbubunsod sa Board na i-exercise ang nabanggit na kapangyarihan.

7. Dahil sa karamihan sa mga kasapi ng transport groups sa lungsod ay mga dukha, hindi pahihintulutan ang sinuman na magdala o magsama ng isang abugado sa anumang pagdinig ng Board. Hindi rin papayagan ang isang abugado na kumatawan sa sinumang tao o pangkat na dudulog o haharap sa Board.

8. Mabilisan ang magiging pagdinig ng Board. Dahil dito, kailangan na handa ang sinumang tao o pangkat na haharap sa Board at dala na niya/nito ang lahat ng mga dokumento na may patungkol sa bagay na kanyang idudulog sa Board. Ang anumang pamamaraan na mgpapabagal sa pag-usap ng pagdinig ng Board ay hindi pahihintulutan.

9. Ang anumang desisyon ng Board ay maaari lamang iapela sa Sangguniang Panlungsod sa loob ng sampung araw matapos na matanggap ng kinauukulang ang desisyon ng Board.

10. Ang mga desisyon ng Board ay ibabatay sa mga umiiral na batas, ordinansa, o patakaran ng pamahalaan na may kaugnayan sa franchising at transportasyon.

11. Lahat ng magiging desisyon ng Board ay isusulat, lalagdaan ng mga kasapi nito na dumalo sa pagdinig kung kailan ginawa ang desisyon, at ipamamahagi sa mga tao o pangkat na may kaugnayan sa nabanggit na desisyon.

**RULE 6: Fees/Funds**

1. Upang tustusan ang mga gastusin ng Board, pahihintulutan itong maningil ng mga sumusunod na halaga mula sa bawat tao o pangkat na nagnanais ng kumita ng prangkisa para sa mga tricycle.

| ***Nature*** | ***Amount*** |
|---|---:|
| *Application Fee (New Franchise)* | *P1,000.00* |
| *Renewal Fee (every two (2) years)* | *525.00* |
| *Dropping Fee* | *200.00* |
| *Change of Motor* | *200.00* |

2. Sisingilin ng Php 300.00 ang mga pedicab operators na magnanais na kumuha ng prangkisa mula sa Board alinsunod sa Section 30 ng Bacoor City Traffic Code.

3. Ang mga nasabing halaga ay babayaran sa City Treasurer's Office kada dalawang taon at idedeposito sa isang special account na magsisilbing karagdagang pondo ng Board bukod sa anumang halaga na ilalaan dito ng pamahalaang lungsod taon-taon at sa anumang halaga na matatanggap nito bilang bahagi nito sa mga multang masisingil mula sa mga lalabag sa Bacoor City Traffic Code. Tanging mga tao o pangkat lamang na nakapagbayad na ng mga nabanggit na halaga at nakapag sumite ng mga kailangang dokumento ang maaaring mag -apply sa Board para magkaroon ng prangkisa.

**RULE 9: Amendment and Approval.**

1. Ang mga Rules na ito ay dapat na aprubahan ng Sangguniang Panlungsod bago magkabisa. Maaaring simulan ang pag-amyenda sa Rules na ito sa pamamagitan ng mungkahi ng kahit na sinong kasapi ng Board. Ang anumang panukalang pagbabago sa anumang probisyon ng mga Rules na ito matapos na ito ay aprubahan ng Sangguniang Panlungsod ay maari lamang bigyan daan kung ito ay aaprubahan ng majority ng lahat ng mga kasapi ng Board.

2. Ang Rules na ito ay maaari lamang amyendahan ng isang beses kada taon.

**RULE 10: Separability.**

Ang pagpapawalang bisa ng anumang probisyon ng Rules na ito ng anumang hukuman ng Pilipinas ay hindi magpapawalang bias sa iba pang probisyon ng Rules na ito na hindi apektado ng nabanggit na kautusan.

*Pinatutunayan namin na ang mga nabanggit na mga patakaran ay sama-sama naming napagkasunduan at nilagdaan ngayong ika - 05 ng Hunyo 2015 sa Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite.*

**HON. EDWIN G. GAWARAN**
Chair, Com. on Franchising
SP-City of Bacoor
***Acting Chairman***

**HON. HERNANDO C. GUTIERREZ**
Chair, Com. on Traffic Mgmt.
SP-City of Bacoor
***Member***

**ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.**
SP Secretary-City of Bacoor
***Vice Chairman***

**MR. NARCISO SARTE**
FETODA President
***Member***

**MR. DONATO CONTINENTE**
FEPODA President
***Member***